# PANDAIGDIGANG ABISO SA PRIVACY NG EMPLEYADO

Huling na-update: [30 Hunyo 2023]

Iniingatan ng Johnson Controls International plc at ng mga kasosyo nitong kompanya (pinagsama-samang, **Johnson Controls**) ang tungkol sa privacy mo at panata nito ang proseso ng Personal na Impormasyon mo alinsunod sa mga patas na kagawian sa impormasyon at mga umiiral na batas sa privacy ng data.

**Bilang palatandaan sa panata namin sa privacy, kinupkop namin ang isang set ng Mga Umiiral na Panuntunan ng Kompanya ("Binding Corporate Rules, mga BCR"). Nilalaman ng mga ito ang mga pandaigdigang panata namin sa privacy, kabilang ang patakaran namin sa mga paglipat ng personal na impormasyon at mga kaugnay na indibidwal na karapatan sa privacy, taglay ang mithiing pagtiyak na protektado ang Personal na Impormasyon mo habang pinoporoseso ng mga kasosyo namin sa palibot ng mundo. Inaprubahan ng European Data Protection Authorities ang mga BCR na ito. Makokonsulta mo ang mga BCR namin sa Privacy Portal.**

## 1. Saklaw

Ipinapaliwanag ng pandaigdigang abiso na ito kung paano iniingatan ng Johnson Controls ang personal na impormasyon ng mga empleyado, mga aplikante, mga intern, mga dating empleyado, mga umaasa, mga benepisyaryo, mga contractor, mga consultant at mga pansamantalang trabahador ng ahensiya sa pagsasagawa ng mga aktibidad nito.

Ang Personal na Impormasyon ay nangangahulugang anumang impormasyon na kaugnay sa isang kilala o nakikilalang natural na tao; tao na maaaring makilala, nang direkta o hindi direkta, sa pagsangguni sa isang pantukoy gaya ng pangalan, identification number, data ng lokasyon, isang online na pantukoy, o sa isa o higit pang mga salik na partikular sa pagkakakilanlang pisikal, physiological, genetic, mental, pang-ekonomiya, pangkultura o panlipunan ng natural na taong iyon.

Ang Mga Espesyal na Kategorya ng Personal na Impormasyon (kilala rin bilang Sensitive Personal Information) ay nangangahulugang personal na data na nagsisiwalat ng pinagmulang lahi o etnisidad, mga opinyon sa pulitika, mga paniniwalang pangrelihiyon o pilosopikal, pagka-miyembro ng unyon sa kalakal, at pagproseso ng data na kaugnay ng kalusugan o sekswal na pamumuhay, data ng genetics o biometrics.

## 2. Pagkakakilanlan ng Data Controller

Sa pangkalahatan, ang entidad sa Johnson Controls na may responsibilidad sa pagproseso ng personal na impormasyon mo (madalas na tinatawag bilang 'data controller'), ay ang entidad sa Johnson Controls na mayroon kang ugnayan sa trabaho (o, kung saan hindi ka isang empleyado, ang entidad sa Johnson Controls na may responsibilidad sa trabaho mo). Kung mayroon kang anumang pagdududa, maaari kang makipag-ugnayan sa Human Resources Department o makipag-ugnayan sa Privacy Office (privacy@jci.com).

## 3. Mga Kategorya ng Personal na Impormasyon

Sa normal na kurso ng mga pinagkukunan ng trabahador at aktibidad ng negosyo, pinoproseso namin ang mga sumusunod na kategorya ng Personal na Impormasyon:

- Impormasyon ng personal na pagkakakilanlan, gaya ng pangalan mo, lugar ng kapanganakan, address ng tahanan, petsa ng kapanganakan, kasarian, mga litratong kaugnay ng trabaho, at numero ng telepono sa tahanan;
- Mga numero ng pagkakakilanlan na mula sa gobyerno, gaya ng social security number at national ID para sa mga layuning pang-payroll;

- Status ng imigrasyon, status sa karapatang magtrabaho at pananahan;
- Mga detalye ng pamilya at pang-emergency na contact;
- Impormasyon na kaugnay ng trabaho, gaya ng bilang ng taon na naninilbihan, lokasyon ng trabaho, ID sa trabaho, tala ng trabaho, mga bakasyong pagpapaliban, at data ng kontrata;
- Impormasyon sa edukasyon at pagsasanay, gaya ng mga gawad mong pang-edukasyon, mga sertipika at lisensya, mga talang bokasyunal at pagdalo sa pagsasanay sa loob ng kompanya;
- Data na kaugnay ng pag-recruit at pagganap, gaya ng mga mithiin, rating, komento, mga resulta ng feedback, kasaysayan ng karera, kagamitan sa trabaho, pagplano ng karera at pagpasa ng posisyon, mga kakayahan at kahusayan at iba pang kwalipikasyon na kaugnay ng trabaho at impormasyon ng background;
- Impormasyon na kaugnay ng paggamit mo sa mga asset ng Johnson Control, partikular na sa mga computer nito, mga mobile device, at mga telecommunication system, at traffic na nabubuo sa pamamagitan ng Internet;
- Impormasyon na nakolekta ng management software ng mobile device kabilang ang pangalan mo, numero ng mobile, e-mail address sa negosyo, bansa ng mobile provider mo at impormasyon na nilalaman ng mga application ng kompanya na naka-install sa device mo.
- Impormasyon na kailangan para sa pagtalima at pamamahala ng peligro, gaya ng mga tala ng pagdisiplina, mga ulat sa background check at data ng seguridad;
- Impormasyon na kaugnay ng pasahod at pagbabayad ng mga benepisyo, gaya ng katayuang sibil, impormasyon ng sahod at insurance, mga umaasa, mga numero ng pagkakakilanlan ng gobyerno o buwis, mga detalye ng bank account, at impormasyon na kaugnay ng mga benepisyo sa trabaho, impormasyon ng pamilya at mga umaasa;
- Impormasyon na kaugnay ng lokasyon at oras at pamamahala sa pagpasok;
- Impormasyon sa pagbiyahe at pasaporte;
- Mga bvoice/video recording na kaugnay ng negosyo; at
- Mga litrato.

Bilang karagdagan, maaaring magproseso kami ng mga Espesyal na Kategorya ng Personal na Impormasyon, halimbawa:

- Impormasyon ng kalusugan o karamdaman, gaya ng mga sintomas, diagnosis, paggagamot at mga gamot kung kinakailangan, mga medical certificate at impormasyon sa pinsala at karamdaman sa lugar ng trabaho;
- Impormasyon na kaugnay ng kalusugan at kaligtasan sa pagtatrabaho;
- Lahi at pagkamamamayan, kung saan hinihingi ito ng batas o pinapahintulot ng batas;
- Impormasyong biometric, kabilang ang impormasyon sa pagkilala mg mukha, kung saan mga lokasyon namin na may gumagamit nito, alinsunod sa umiiral na batas;
- Tumpak na data sa heograpikal na lokasyon, sa mga sitwasyon kung saan hinihingi ito ng ginagampanaan mo, kung saan pinapahintulot ng batas, kabilang ang lugar kung saan ginagamit mo ang isa sa mga sasakyan namin;
- Pagka-miyembro sa unyon ng kalakal;
- Mga impormasyon sa pagkakasalang kriminal at mga paglilitis at iba pagsusuri sa background (kung saan pinapahintulot ng batas sa ilang mga bansa ); at
- Sa ilang mga hurisdiksiyon, ang numero ng pasaporte mo, social security number o national identification number.
- Sa India, ang mga password at impormasyon sa pananalapi (gaya ng bank account, o credit o debit card,

o iba pang detalye sa paraan ng pagbabayad) ay ipinapalagay na Maselang Impormasyong Personal (Sensitive Personal Information).

Bukod sa direktang pagkolekta ng Personal na Impormasyon mula sa iyo, maaari rin kaming kumolekta ng Personal na Impormasyon mo mula sa ibang pagkukunan, kabilang ang:

- Mga organisasyon ng gobyerno, mga tagapaglaan ng kalusugan at mga tagapaglaan ng benepisyo;
- Mga tagapaglaan ng serbisyo hal. mga kompanyang nagsasagawa ng mga pagsusuri ng background;
- Mga supervisor mo, mga katrabaho o mga nominadong tagapamagitan; at
- Impormasyon na nakukuha ng publiko.

**4. Mga Layunin ng Pagproseso**

Pinoproseso namin ang Personal na Impormasyon para sa mga sumusunod na layunin:

- Pinagkukunan ng tauhan at pagtatrabaho kabilang ang pagpaplano ng mga manggagawa, pag-recruit at pag-staff; pagpapatakbo sa mga manggagawa, payroll, mga programa sa kabayaran at benepisyo, pamamahala sa pagganap, pag-aaral at paglago, pagpaplano ng pagsulong atpagpasa ng posisyon;
- Mga merger, pagbili at pagpapalaganap;
- Pagtalimang legal, kabilang ang pamunuan ng kompanya, pagtalima sa mga hiling ng awtoridad ng gobyerno para sa impormasyon, mga pagkakautang, mga pagbabawas-sahod at pagtalima sa buwis;
- Pamamahala sa lugar ng trabaho, gaya ng mga programa sa pagbiyahe at gastos at mga panloob na rograma sa kalusugan at kaligtasan;
- Panloob na pag-uulat;
- Pag-audit;
- Para protektahan ang Johnson Controls, ang mga manggagawa nito, at ang publiko laban sa pinsala, pagnanakaw, legal na pananagutan, panloloko o pag-abuso o iba pang pinsala;
- Pagsasanay at mga pagpapakita ng produkto;
- Pag-develop ng produkto na sangkot o kaugnay ang mga empleyado; at
- Iba pang legal at mga karaniwang layuning kaugnay ng negosyo.

Minamanmanan at sinasala rin ng Johnson Controls ang paggamit ng mga device, ng network namin, at traffic sa internet para sa mga layunin sa negosyo na naaayon sa batas, at partikular na para sa:

- Pagtiyak sa sapat na integridad ng mga Information System at pagdetekta at pagpigil sa kriminal na aktibidad, kabilang ang cyber-crime;
- Pagprotekta ng impormasyon, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, personal na impormasyon, lihim na impormasyon, at impormasyon na malaki ang halaga sa negosyo laban sa pagkasira, pagkawala, pagbabago, hindi awtorisadong pag-access, pagsiwalat o pag-hack;
- Pagseguro sa mabisang operasyon ng mga Information System nito;
- Pagtiyak sa pagtalima sa umiiral na mga obligasyon sa regulasyon at sariling regulasyon; at
- Pagdetekta ng mga pagkakataong mayroong hindi pagsunod sa mga patakaran ng Johnson Controls sa paggamit ng internet at Kodigo ng Etika.

Kung saan naka-install ang software sa pamamahala ng mobile device sa personal mong device (para ma-access mo ang e-mail ng Johnson Controls, mga serbisyo ng network at data), maaaring kailanganin ng Johnson Controls na magsagawa ng mga pagbabago sa kumpigurasyon ng seguridad ng device para masunod ang mga rekisito ng Johnson Controls sa seguridad ng mobile. Anumang pagmamanman at/o pagsala sa paggamit ng device na ito, para sa mga layuning nabanggit sa itaas, ay limitado sa mga application ng kompanya. Para sa mas maraming

impormasyon pakibasa ang ‘Paano makipag-ugnayan sa amin’ sa ibaba.

**5. Legal na batayan para sa Pagproseso**

Pinoproseso namin ang Personal na Impormasyon mo batay sa isa sa mga sumusunod na batayan:

- Kung saan kinakailangan ang pagproseso para isagawa ang kontrata namin sa iyo, gaya ng pag-recruit sa iyo, pagbayad sa iyo at pamahalaan ang relasyon ng pagtatrabaho mo sa amin;
- Kung saan kinakailangan ang pagproseso para sa mga layunin ng mga lehitimong interes namin, gaya ng panloob na pag-uulat at pag-auditi; pagprotekta sa Johnson Controls, sa mga manggagawa nito, at sa publiko laban sa pinsala, pagnanakaw, legal na pananagutan, panloloko o pag-abuso o iba pang pinsala; pagtiyak sa integridad ng mga information system; pagtiyak sa pagsunod sa mga nailalapat na obligasyon sa regulasyon at patakaran; kaugnay ng mga merger, mga pagbili at pagpapalaganap; pag-develop ng produkto; pagsasanay at mga pagpapakita ng produkto; mga meeting at tawag na kaugnay ng negosyo.
- Kung saan kinakailangan ang pagproseso para sa pagsunod sa legal na obligasyon, gaya ng mga layuning pangbuwis at seguridad sa lipunan; pagsuri sa karapatan mong magtrabaho; pagsunod sa mga hiling ng awtoridad ng gobyerno; mga pagkakautang, mga pagbabawas-sahod at pagtalima sa buwis; at
- Kung saan ibinigay mo ang pahintulot mo.

Pinoproseso namin ang mga Espesyal na Kategorya ng Personal na Impormasyon batay sa isa sa mga sumusunod na batayan:

- Kung saan ibinigay mo ang malinaw na pahintulot mo;
- Kung saan kinakailangan ang pagproseso para sa mga layuning pagsasagawa ng mga obligasyon at paggamit ng mga karapatan kaugnay ng batas sa pagtatrabaho;
- Kung saan ang pagproseso ay nauugnay sa Personal na Impormasyon na ikawa ng nagsa-publiko; at
- Kung saan kinakailangan ang pagproseso para sa pagtatag, paggamit o pagtatanggol ng mga legal na paghahabol.

**6. Mga Tatanggap ng Personal na Impormasyon**

Maaaring isiwalat namin ang Personal na Impormasyon mo sa mga sumusunod na sitwasyon sa:

- Iba pang entidad ng Johnson Controls, mga joint venture, mga subcontractor, mga vendor o supplier na nagsasagawa ng mga serbisyo para sa amin para sa mga naunang binanggit na layunin;
- Isang bagong buo o pagbili ng organisasyon kung bahagi ang Johnson Controls sa isang merger, pagbenta o paglipat ng ilan o lahat ng negosyo nito;
- Mga ikatlong partido na tagapaglaan ng serbisyo (na tumutulong sa amin na isagawa ang mga aktibidad namin sa negosyo) gaya ng mga tagapaglaan ng IT, mga tagapaglaan ng benepisyo, mga tagapaglaan ng serbisyo sa pasahod, at mga tagapayo (halimbawa mga abogado, mga accountant at auditor);
- Sinumang tatanggap, kung hinihingi sa amin na gawin ito, gaya ng naipapatupad na kautusan ng korte o batas;
- Sinumang tatanggap, na mayroong pahintulot mo, gaya ng para sa pagberipika ng pagtatrabaho o mga loan sa bangko; o
- Sinumang tatanggap kapag makatuwirang kinakailangan gaya ng sa pangyayaring may emergency na banta sa buhay.

**7. Mga Internasyonal na Paglilipat**

Maaaring matatagpuan ang mga ikatlong partido, mga tanggapan at kasosyo kung saan maaaring isiwalat ang

Personal na Impormasyon mo sa palibot ng mundo, kabilang ang United States, India, Slovakia at Mexico; kaya maaaring ipadala ang impormasyon sa mga bansa na naiiba ang mga batas sa privacy kaysa sa bansa ng pananahan mo. Sa mga naturang kaso, gumagawa kami ng mga hakbang para matiyak na natatanggap ng Personal na Impormasyon mo ang sapat na antas ng poteksiyon, na kinabibilangan ng mga Binding Corporate Rules namin, na nagtatakda sa mataas na pamantayan namin para sa pagproseso ng personal na impormasyon, at mga Standard Contractual Terms (Mga Pamantayang Tuntunin sa Kontrata). Kung saan kinakailangan, alinsunod sa lokal na batas, maaaring hingin namin ang pahintulot mo.

Cross Border Privacy Rules (CBPR) System ng APEC: Tumatalima ang mga kagawian ng Johnson Controls sa privacy, na inilarawan sa Abiso ng Privacy na ito, sa Cross Border Privacy Rules System ng APEC. Ibinibigay ng APEC CBPR system ang isang framework para sa mga organisasyon para matiyak ang proteksiyon ng personal na impormasyon na inililipat sa pagitan ng mga kalahok na APEC economy. Marami pang impormasyon tungkol sa framework ng APEC ang matatagpuan dito. Mag-click dito para tingnan ang status ng APEC CBPR certification namin.

Kung mayroon kang hindi pa nareresolbang alalahanin sa privacy o paggamit ng data na hindi namin natugunan sa iyong kasiyahan, makipag-ugnayan sa aming U.S.-based na tagapaglaan para sa pagresolba ng ikatlong partido (walang singil) sa: https://feedback-form.truste.com/watchdog/request.

## 8. Pagpapanatili

Papanatilihina ng Personal na Impormasyon mo hanggang kinakailangan para makamit ang layunin ng pagkolekta rito, karaniwang para sa itatagal ng anumang ugnayang kontraktwal at para sa anumang haba ng panahon pagkalipas noon ayon sa legal na hinihingi o pinapahintulot ng umiiral na batas. Mahahanap ang mga schedule ng Pagpapanatili ng Mga Record ng Johnson Controls sa: https://my.jci.com/Ethics/Pages/RIM.aspx.

## 9. Proteksiyon at Seguridad

Nag-iingat ang Johnson Controls para protektahan ang Personal na Impormasyon mula sa pagkawala, maling paggamit, at hindi awtorisadong pag-access, pagsiwalat, pagbabago, at pagsira. Nagsagawa kami ng mga angkop na paghahandang teknikal at organisasyonal para protektahan ang mga information system kung saan nakaimbak ang Personal na Impormasyon mo at hinihingi namin sa mga supplier at service provider namin na protektahan ang Personal na Impormasyon mo sa pamamagitan ng mga pamamaraang kontraktwal at iba pa.

## 10. Mga Karapatan Mo

Maaaring nakadepende ang mga karapatan mo sa lokal na batas. Gagabayan ng lokal na batas ang Johnson Controls sa pagtugon nito sa mga kahilingan sa karapatan sa privacy gaya ng mga nakalista sa ibaba.

- Impormasyon at Access: Mahihiling mo na ma-access ang Personal na Impormasyon mo, mabigyan ng karagdagang impormasyon, at mabigyan ng kopya ng Personal na impormasyon mo. May ilang pagbabawal ang karapatan sa Impormasyon at Access. Halimbawa, maaaring tanggihan ang access (i) sa kaso ng paulit-ulit na paghiling ng access sa loob ng maikling agwat ng panahon, o (ii) maaaring makompromiso ang privacy ng ibang tao sa pagbigay ng naturang access o pagwawasto o kaya'y hindi makatuwirang magsisiwalat ito ng impormasyon ng kompanya.
- Pagwawasto: Mahihiling mo na iwasto at/o i-update ang mali o lumang Personal na Impormasyon mo.
- Pagbura: Maaaring may karapatan ka na ipabura ang Personal na Impormasyon mo. Sasailalim sa mga pagbabawal ang karapatang ito.
- Pagbabawal: Maaaring may karapatan kang ipagbawal ang Personal na Impormasyon mo. Ang pagbabawal ay nangangahulugan na nakaimbak lang ang Personal na Impormasyon mo sa Johnson Controls, at hindi na ipoproseso pa, habang inaasikaso ang reklamo mo.
- Pagtutol sa Pagproseso: Maaaring may karapatan kang tutulan ang mga partikular na uri ng pagproseso.

Ang mga uring ito ay direct marketing, pagproseso para sa pananaliksik o mga layuning pang-estadistika at pagproseso na nakabatay sa mga lehitimong interes. Maaaring nasasailalim ang karapatan na tumutol sa pagproseso batay sa mga lehitimong interes sa pagpapakita ng Johnson Controls ng mga batayan na nakasasapaw sa karapatan mong tumutol.

- Data PPortability (Kakayahang Madala ng Data): Maaaring may karapatan kang hilingin ang Data Portability (Kakayahang Madala ang Data). Ang Data Portability ay ang probisyon ng Personal na Impormasyon mo na nasa anyong naka-istraktura, karaniwang ginagamit at nababasa ng makina kaya maaari mo Johnson Controls na ilipat ito nang wlaang-hirap sa ibang kompanya. Nasasailalim sa mga pagbabawal ang karapatan sa Data Portability. Halimbawa, hindi nalalapat ang Data Portability sa mga tala na nasa anyong papel, at hindi nito dapat itangi-tangi ang mga karapatan ng ibang tao, o maseselang impormasyon ng kompanya.
- Karapatan na hindi masaklaw ng mga desisyon na nakabatay lang sa Automated Decision Making: Maaaring may karapatan ka na hindi masaklaw ng mga desisyon na nakabatay lang sa mga automated na pagproseso (hal. walang pakikialam ng tao), kung magreresulta ang mga desisyon na iyon ng mga legal na epekto o may malaking epekto sa iyo. Ang Automated Processing ay pagproseso ng Personal na Impormasyon mo sa pamamagitan ng automated na paraan. Kung magpapatupad kami ng pagproseso na gumagamit ng automated na pagpapasya na gumagawa ng mga epektong legal na malaki ang epekto sa iyo, sa gayon ay magkakaroon ka ng karapatan na hindi masaklaw sa pagpapasya na nakabatay lang sa automated na pagproseso.

Maaaring may karapatan ka rin na maghain ng reklamo sa isang supervisory authority.

Mahihiling mo na gamitin ang alinman sa mga karapatang ito sa pamamagitan ng contact mo sa Human Resources o sa Privacy Office sa privacy@jci.com.

## 11. Pagpahintulot at Pagbawi ng Pahintulot

Kung ang pagpahintulot ang legal na batayan ng pagproseso sa Personal na impormasyon o sa Mga Espesyal na Kategorya ng Personal na Impormasyon mo, maaari mong bawiin ang anumang pahintulot na naunang ibinigay para sa partikular na layunin, nang walang singil, sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa aming Privacy Office sa privacy@jci.com.

## 12. Mga Pagbabago sa aming Abiso sa Privacy

Maaari naming baguhin ang abisong ito sa pana-panahon, sakaling kakailanganing gawin ito. Kung magpanukala kaming magsagawa ng anumang materyal na pagbabago, aabishuan ka namin sa pamamagitan ng page na ito. Maaari rin na madagdagan ang abisong ito ng iba pang mga pahayag kung kinakailangan para masunod ang mga lokal na rekisito sa bansa kung saan ka nananahan, o kung saan mayroong mga kasunduan sa representasyon ng empleyado.

## 13. Mga Alalahanin sa Privacy at Paano Makikipag-ugnayan sa amin

Kung mayroon kang anumang katanungan tungkol sa abisong ito o kung naniniwala kang hindi alinsunod sa umiiral na batas o sa abisong ito ang pag-iingat sa Personal na Impormasyon mo, mayroon kang ilang opsiyon:

- Makipag-ugnayan sa Privacy Office sa privacy@jci.com;
- Talakayin ang problema sa supervisor mo o sa isa pang supervisor o manager;
- Makipag-ugnayan sa Human Resources department; o
- Maaari ka rin makipag-ugnayan sa 24-hour Integrity Helpline ng Johnson Controls sa: www.johnsoncontrolsintegrityhelpline.com.